


# ANG MGA DAPAT NATING MAUNAWAAN TUNGKOL SA ELEKSYONG 2013



inilalabas ng **Silyab**  
ang pangmasang pahayagan  
ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Rehiyong Bicol



Pebrero 2013



**P**anahon na naman ng eleksyon. Sa loob ng ilang buwan ay abalá na naman ang mga naghaharing uri upang ipagpilitan ang kanilang mga kandidato na siya umanong lulutas sa malubhang krisis na kinasasadlakan ng mamamayan. Simula ngayon hanggang sa Mayo 13, 2013, pinapaniwala ang taumbayan na may kalayaan silang pumili ng kanilang mga pinuno, at ang pagkakahalal ng mga susunod na hahawak ng kapangyarihan ay resulta umano ng umiiral na demokrasya sa bansa.

Ngunit hindi tayo dapat magpalinlang. Bago ang lahat, kailangan nating maunawaan na ang eleksyong magaganap sa Mayo 2013 ay isang reaksyunaryong eleksyon.

### **A**no ang ibig nating sabihin kapag binabanggit nating reaksyunaryo ang Eleksyong 2013?

Reaksyunaryo ang Eleksyong 2013 dahil kontra ito sa tunay na pagbabago. Kung babalikan natin ang kasaysayan ng mga makauring lipunang, walang lipunang umunlad nang hindi dumadaan sa isang rebolusyon. Kung gayon, **rebolusyon** – o ang tunay at lahatang-panig na pagbabago sa pamamagitan ng marahas na pagpapabagsak ng isang inaapi't pinagsasamantalang uri sa uring nang-aapi at nagsasamantala – **ang pangunahing direksyon ng anumang lipunang pinaghaharian ng mapagsamantalang uri**. Reaksyon ang kabaligtaran ng rebolusyon. Ang mga nagaganap at ipinangako ng Eleksyong 2013 ay lubusang kabaligtaran ng pagkakamit ng tunay at komprehensibong pagbabago sa lipunan.

### **B**akit salungat sa rebolusyon ang Eleksyong 2013?

Salungat sa rebolusyon ang Eleksyong 2013 dahil **una**, pinapanatili lamang nito ang dating sistemang malakolonyal at malapyudal. Ang nagaganap tuwing eleksyon ay pagrerelebo lamang sa puwesto ng mga paksyon ng mga panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador. Kailangang tiyakin ng imperyalistang US na ang iba pang paksyon ng mga naghaharing uri ay



5. **Labanan ang terorismo ng AFP.** Ayaw ng naghaharing uri na humawak ng kapangyarihan ang mga progresibo at makabayan, kaya't muli nitong gagamitin ang AFP at iba pang armadong institusyon ng estado upang supilin ang pag-abante ng mga progresibo.

Mangyayari ang eleksyong 2013 sa pagtatapos ng unang yugto ng Oplan Bayanihan (2011-2013), inaasahan nating magiging kumplikado, maigting at mahirap ang kakaharapin nating paglaban upang biguin ito. Muling gagamitin ang AFP at ang mga kontrarebolusyonaryong pakulo upang siraan, gipitin at dahasin ang mga progresibong kandidato at partylist ng mamamayan.

Hindi dapat katakutan ang nakaambang papatinding terorismo ng Oplan Bayanihan. Sa halip, gamitin ang malawakang kilusang masa sa panahon ng eleksyon, gayundin ang mga mabubuong alyansa, upang kundenahin at labanan ang pandarahas ng AFP at biguin ang Oplan Bayanihan.

***Humihingi ng doble-doble pang pagsisikap ang kalagayan kumpara sa nakaraan kung paanong wastong mapamumunuan at mahaharap ang darating na Eleksyong 2013 para maging paborable ito sa pagpapalakas ng digmang bayan, pagpapabagsak sa rehimeng US-Aquino, at pagpapahina at pagpalala ng bitak sa kabuuang kampo ng reaksyunaryo.***

nakikinabang din sa kurakot at yaman ng bansa upang matiwasay na gumagampan ang estado bilang papet. Sa huli, yaong mga matapat at masigasig sa pagsunod sa interes ng imperyalismong US ang siyang mananalo sa eleksyon.

Pero dahil sa tumitinding krisis sa ekonomya at pulitika, kumikitid na ang maaaring paghati-hatian ng lokal na mga mapagsamantala. Barya na lamang ang pakinabang nila kumpara sa dinadambong ng imperyalismo, kaya't nagiging maigting ang labanan ng mga paksyon. Ang reaksyunaryong eleksyon ay kinakatangian ng pagiging marumi, marahas at talamak sa dayaan.

**Pangalawa,** reaksyunaryo ang Eleksyong 2013 dahil instrumento lamang ito ng imperyalismong US at ng mga naghaharing uri upang pahupain ang lumalakas na kaisipan ng mamamayan na tunay ngang sa rebolusyon lang makakamit ang kalutasan sa malubhang krisis sa lipunan.

Sa proseso ng eleksyon, pilit na ipinatanggap sa mamamayang lugmok sa krisis na para umano magkaroon ng marangal at maunlad na kabuhayan, kailangan lang na iluklok ang mga upisyal sa guberno na magpapatupad ng mga reporma sa batas. Inilalayo ang isip natin sa katotohanang **walang pag-asa ang kasalukuyang sistema at kailangang ibagsak at palitan ito**, at hindi sa pamamagitan ng paglalagay sa kapangyarihan ng mga bagong mukha ng parehong uring panginoong maylupa at malaking burgesya kumprador at mga alipures nila.



Resulta nito, walang nagaganap na tunay na repormang agragyo. Walang nagaganap na pambansang industriyalisasyon. At nakakubabaw pa rin ang imperyalismong US sa ekonomiya, sa pulitika, sa militar at sa kultura ng lipunang Pilipino. Ibig sabihin, pinananatili ng eleksyon ang dating kaayusan kung saan ang estado ay sumusupil at dumadahas sa mamamayan.

Sa esensya, sinasabi ng mga naghaharing uri na **“Huwag na kayong mag-rebolusyon. Gayahin na lamang ninyo ang Akbayan para umunlad ang buhay ninyo. Kung hindi, tuloy ang estado sa pandarahas sa inyo!”** Ito ay kalokohang hinding-hindi matatanggap nating mga rebolusyonaryo. Naninindigan tayo na tanging sa landas ng armadong paglaban at militanteng kilusang masa maibubunsod ang mga pundamental na pagbabago sa lipunan.

## ***Kung reaksyunaryo (o kontra-rebolusyonaryo) ang mga eleksyon, paano natin haharapin ang Eleksyong 2013?***

Hindi porke’t reaksyunaryo ang Eleksyong 2013, ay nangangahulugang pababayaan lang nating maganap ito nang walang makabuluhang papel mula sa ating panig. Bilang mga rebolusyonaryo, kailangan nating harapin ang Eleksyong 2013 sa hangaring mapag-silbi ito para sa rebolusyon.

Tukuyin muna natin ang ilang mga kalagayan sa lipunan na mahalaga sa pagharap natin sa reaksyunaryong eleksyon.

**Una**, ang malubhang krisis ng imperyalismo. Bagsak ngayon ang mga ekonomya ng mga kapitalistang bansa. At ang US, na siyang pangunahing imperyalistang bansa na kumokontrol sa Pilipinas, ay nag-popokus ngayon sa Asya at Pasipiko na siyang tinitingnan niyang makapagligtas sa kanya sa krisis. Ibig sabihin, paiigtingin ng US ang kanyang pananakop at dominasyon hindi lamang sa mga bansa sa Asya at Pasipiko, kundi higit pa sa Pilipinas. Pinatitindi nito ang panghihimasok sa integridad ng mga bansa at nagpapalala ng tensyon sa relasyon nito sa China, North Korea at posibleng kahit sa Rusya.

3. **Iboto at ipanalò ang mga progresibo.** Hindi sapat na hikayatin at pakilusin ang mamamayan na ikampanya at iboto ang mga progresibo. Kaakibat nito ang malalim na pagpapaunawa kung bakit kailangang ipanalò ang mga progresibo. Sa gayon, magkukusa ang ating mga pwersa at ang mamamayan na mag-ambag ng kanilang talino at kakayahan para sa ikapapanalò ng mga progresibo. Militante nilang babantayan ang bilangan upang ipaglaban ang progresibong adhikain.
4. **Ilantad at tuligsain, at huwag payagang makapanlò ang mga anti-mamamayan at anti-demokratikong partylist, laluna ang Akbayan at Ako Bicol (AKB).** Ang Akbayan ay grupo ng mga oportunistang taksil na kinakaladkad ang pakikibaka ng mamamayan upang ikompromiso sa interes ng naghaharing uri. Pinapaburan sila ngayon ng rehimen ni Noynoy Aquino upang linlangin ang mamamayan na maaari pang baguhin ang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal sa pamamagitan lamang ng paglahok sa reaksyunaryong eleksyon at paglahok sa pagpapatakbo ng guberno. Hindi bababa sa 14 milyong piso ang ibinigay ng pamilyang Aquino sa Akbayan noong eleksyon ng 2010, kaya’t hinding hindi kokontrahein ng Akbayan ang pamumuno ni Noynoy. Ang Akbayan ngayon ang numero-unong mga repormista at taga-palakpak ng rehimens ng US-Aquino.

Ang Ako Bicol naman ay grupo ng mga multi-milyonaryong kontraktor at negosyanteng kasosyo ni Gloria Macapagal-Arroyo. Nagkukunwari silang para sa mahihirap na mamamayang Bikolano ngunit sa totoo’y wala silang pinagkaiba sa mga tradisyunal na pulitikong ginagamit ang mga pampublikong pondo upang i-embudo sa kanilang mga negosyo.

Ang Ako Bicol ay hindi tunay na kumakatawan sa interes ng mahihirap na mamamayang Bikolano dahil wala silang malinaw na tindig laban sa pagtaas ng presyo ng langis at pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Wala silang tindig laban sa mapaminsalang pagmimina at iba pang usapin ng mamamayan. Nagpapabongga lamang sila sa media ng kanilang mga disaster relief operations o kaya’y mga medical mission upang mapabango ang kanilang imahe at makapag-ipon ng limpak na ayuda mula sa mga dayuhan.

mga despotiko at pasista na nakaupo sa puwesto ay target din ng binubuo nating malapad na alyansa.

## **Ano ang ating partikular na tungkulin sa Eleksyong 2013 kaugnay ng rebolusyonaryong dalawahang taktika?**

1. **Ilantad ang pagiging reaksyunaryong at pagiging huwad na demokratikong proseso ng eleksyon.** Masigasig nating ipaliwanag sa ating mga kapamilya at kaibigan, at sa lahat ng maaaring maabot, na wala sa proseso ng Eleksyong 2013 ang tunay na pagbabagong hinahangad ng mamamayan – na sa katotohana’y kabaligtaran ng pagbabago ang nais mangyari ng mga naghaharing uri sa darating na eleksyon. Pinananatili lamang ang kalagayang pinagsasamantalahan at inaapi ang mamamayan.

Gayundin, ang Eleksyong 2013 ay hindi tunay na demokratikong proseso dahil hindi nito tunay na kinakatawan ang mga adhikain ng nakararaming masang anakpawis. Manipulado ng imperyalismo at mga lokal na naghaharing uri ang resulta ng eleksyon upang sila rin mismo ang mamayani sa lipunan.

2. **Ikampanya ng mga ligal na pwersa ang mga progresibong kandidato.** Sila rin ay nagdadala ng mga makabayan at progresibong plataporma na kumakatawan sa mga pambansa at demokratikong mithiin ng mamamayan. Nagsusulong sila ng tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon. Ang kanilang tagumpay sa eleksyon ay makabuluhang ambag sa ligal na pakikibaka ng mamamayan.

Dahil matatag na tinutunggali ng mga progresibong partido at kandidato ang anti-mamamayang mga patakaran ng reaksyunaryong gubyrno, sistematikong sinisikil ng reaksyunaryong eleksyon ang paglahok ng mga ito sa eleksyon. Gayundin, hinahadlangan ang kanilang mga pagsisikap na dalhin ang pambansa at demokratikong adyenda sa loob ng reaksyunaryong kongreso.

**Pangalawa**, nasa matinding krisis din ang ekonomya ng Pilipinas at bulnerable sa anumang paglala ng krisis sa US at sa Europa. Kasabay nito, nananatiling di-estable ang pampulitikang pamumuno ni Noynoy Aquino, bukod pa sa lumalalang bangayan ng mga grupong pampulitika sa kanyang gubyrno.

Walang kapantay sa nakaraan ang nararanasan ngayong kagutuman ng milyun-milyong Pilipino. At sa pagkukunwaring nilulutas ang problemang ito, nag-iimbento ng mga kasinungalingan ang rehimen ni Noynoy Aquino katulad ng mga dinuktor na mga sarbey upang palabasin na “umuunlad” umano ang ekonomiya ng bansa. Ang mga pinapakalat na balita sa mass media hinggil sa umano’y pag-unlad ng Pilipinas ay walang ibang pakay kundi ang itago ang malubhang problema sa kawalang ng trabaho, kahirapan, at korupsiyon.

Walang matinong programa ang rehimen ni Noynoy para iangat ang mamamayan mula sa kahirapan. Tanging Conditional Cash Transfer (CCT) o 4Ps lamang ang ipinamamayabang na programa ng rehimen. Ang CCT o 4Ps, na bagamat pinagarbo, ay nakadisenyo hindi upang bigyan ng pangmatagalang katiyakan sa kabuhayan ang naghihikahos na mamamayan.

Pinaaasa lamang nito ang mamamayan sa limos, samantalang inilalayo sila sa landas ng pagrerebolusyon. Malaking bilang ng mga benepisyaryo ng CCT o 4Ps ay nasa saklaw ng mga sona at baseng gerilya ng Bagong Hukbong Bayan. Kalakhan din ng bahagi ng pondo nito ay napupunta lamang sa korupsiyon at sa mga kamag-anak ng mga nangangasiwa ng pondo. Dagdag pa, malakas ang indikasyon na gamitin ang pondo ng CCT o 4Ps para gastusan ang pangangampanya ng mga kandidatong kakampi ni Noynoy Aquino.



Mahalagang matukoy din natin na aktibo ang Akbayan sa pagsusulong ng repormismo. Kung ang AFP ang armadong grupo ng estado upang tangkaing wasakin ang rebolusyonyong kilusan, ang Akbayan naman ang sibilyang ahente ni Noynoy para sugpuin ang mga rebolusyonyong pwersa.

**Pangatlo**, muling namumuo ang kontrobersiya sa paggamit ng kompyuter sa paghalal at pagbibilang ng boto. Malaking usapin ang isyu ng “nakaprogramang resulta ng bilangan” na nakatanim na sa mga cards ng PCOS machine na dinesenyo ng Smartmatic. Ito na naman ang pinagkalooban ng Comelec na mangasiwa sa darating na eleksyon sa kutsabahang Comelec-Smartmatic bidding.

**Pang-apat**, ang gaganapin sa Mayo 2013 ay tinatawag na Mid-Term Elections. Ang ihahalal ay ang sumusunod:

- 12 senador
- mga gobernador sa bawat probinsya
- mga kongresman sa bawat distrito
- mga bokal o board member ng bawat probinsya
- mga alkalde at meyor ng mga munisipyo at syudad
- mga konsehal sa mga bayan at syudad
- isang partylist

Sa bilang ng mga paglalabanang mga posisyon, mas paborable para sa mga progresibong pwersa ang makapagpanalo sa mga posisyon sa Partylist, at sa mga posisyon sa mga konseho ng bayan/syudad at probinsya.

Batay sa lakas ng kilusang progresibo at kung papupunyagian, posible pa ring **maparami** ang bilang ng mga progresibo at maasahang alyado na pwedeng ipanalo.

**Panglima**, sa harap ng lahat ng nabanggit, nasa buwelo naman ngayon ang mga rebolusyonyong pwersa na determinadong magkamit ng mga igpaw.

Nabanggit na natin na sa pakikipagkaisang prente, hinahati natin ang hanay ng mga reaksyunaryo, nagbubuo ng pakikipag-alyansa sa ilang grupo sa hanay ng naghaharing uri, at ang nabubuong alyansa ay ihinaharap natin laban sa pinaka-sagadsaring paksyon ng mga reaksyunaryo.

Ilan sa partikular na gawain patungkol dito ay ang sumusunod:

1. **Pagmaksimisa sa iba’t ibang posibleng paraan ng pagpapalaganap sa paninindigang makabayan at progresibo.** Sa lahat ng pagkakataon, ang lagi nating isinasaisip ay ang maiabante ang mga lehitimong interes at karapatan ng mamamayan. Nakikipag-kaibigan tayo sa sinumang pulitiko na handang magbigay-puwang sa ating mga adhikain, pinauunlad natin ang mga ugnayang ito, at pangunahin pa ring sumasalig sa lakas ng kilusang masa sa pag-aabante ng ating mga paninindigan;
2. **Pagpapalawak ng iba’t ibang antas at anyo ng ugnay at pakikipagtulungan sa mga pwersang progresibo at demokratiko.** Ang mga tulungan at ugnayan ay maaaring sa pagitan lamang ng mga progresibong organisasyon at isang partikular na pulitiko. Maaari ding pumasok sa mas malapad na alyansa depende sa usaping kinakaharap. Ang mga tulungan at ugnayan ay maaari ding di-tuwiran, o kaya’y lantad. Sa lahat ng ito, mahalagang napanghahawakan ng mga progresibo ang inisyatiba at kasarilan;
3. **Pag-iipon ng impormasyon sa mga reaksyunaryo.** Sa pakikipagtulungan ng ibang pulitiko, nakukuha natin ang mahahalagang impormasyon hinggil sa iba pang seksyon ng naghaharing uri, partikular sa kanilang mga paninindigan sa mga usaping pambansa at lokal, hinggil sa kanilang paninindigan sa adyenda ng mamamayan, at gayundin hinggil sa kanilang mga kontra-rebolusyonyong aktibidad;
4. **Pagsamantala sa mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryong pwersa at kandidato upang hatiin ang kanilang lakas at puruhan ang mga pinakamasahol at sagadsarin.** Katulungin ang ibang pulitiko upang birahin at talunin yaong mga masigasig sa pagtataguyod ng Oplan Bayanihan sa kanilang mga nasasakupan. Ang

nating makatulong nang pansamantala at batay sa mga ispesipikong usapin, halimbawa’y sa kampanya para sa paglaban sa militarisasyon at pagtataguyod ng karapatang pantao, o sa paninindigan laban sa panghihimasok-militar ng US, at iba pa. Mahalagang mapangalagaan ang mabuting pakikipag-relasyon sa kanila ayon sa ating mga rebolusyonaryong prinsipyo. Kailangan nating bakahin ang pagiging kimi at konserbatibo sa pakikitungo sa mga pulitiko at magpakahusay sa larangang ito. Anumang kakulangan sa karanasan sa pagsabak sa ganitong gawain ay mapupunan ng mismong pagkatuto sa karanasan. Tandaan natin na dakila at marangal ang ating layunin at interes ng sambayanan ang ating tinatanganan sa pakikipagharap sa mga alyadong pulitiko;

**5. Magpalitaw ng mga kagamitan at pinansya para sa mamamayan.**

Sabi nga, umuulan ng pera tuwing panahon ng halalan. Tanda ito ng kabulukan ng reaksyunaryong eleksyon kung saan ang pera ng mamamayan ay winawaldas ng mga tradisyunal na pulitiko upang ibunsod ang kanilang kandidatura. At dahil pera



ito ng bayan, marapat lamang na sa mamamayan ito mapunta, ngunit hindi sa mga pampersonal na layunin. Kailangan nating mahikayat ang mga tradisyunal na pulitiko na maglaan ng

pondo para sa mga proyektong pangkabuhayan, halimbawa na ang mga kooperatibang pinaunlad natin sa mga sonang gerilya. Ang iba pang tipo ng pagpapalitaw, materyal man at/o pinansyal, ay maaari pang isagawa batay sa pangangailangan ng mamamayan.

***Paano naman natin isinasakatuparan ang prinsipyo ng nagkakaisang prente sa panahon ng eleksyon?***

Ngayong nailahad na natin ang kontekstong pinag-iiralan ng Eleksyong 2013, haharapin natin ang reaksyunaryong eleksyon gamit ang prinsipyo ng **rebolusyonaryong dalawahang taktika**, at ang pagtataguyod ng prinsipyo ng **pakikipagkaisang prente**.

***Ano ang rebolusyonaryong dalawahang taktika sa panahon ng eleksyon?***

Ibig sabihin nito, **(1)** habang matatag nating pinaghahawakan at pinaninindigan ang sentral at mapagpasyang papel ng armadong pakikibaka ay **(2)** pinakikilos natin ang mga pwersang ligal at malawak na mamamayan para magkamit pa ng mga ganansya sa loob ng proseso ng halalan.

Hinahangad nating sa kada eleksyon ay napapatingkad natin ang armadong pakikibaka bilang tanging solusyon sa kalagayan ng lipunan at nakakapagkamit tayo ng ganansya na magpapasulong at magpapalakas pa dito, habang nagigitgit din natin ang reaksyunaryong sistema sa pamamagitan ng paglalantad sa kanyang katangian at pagpapanalo ng mga progresibo at liberal na mga kandidato.

***Ano naman ang prinsipyo ng pakikipagkaisang prente?***

Ibig sabihin naman nito, hinahati natin ang hanay ng reaksyon at nagbubuo tayo ng pakikipag-alyansa sa ilang seksyon ng mga reaksyunaryong uri laban sa pangkating pinaka-reaksyunaryo. Dagdag pa, ang pinakamalawak na alyansang mabubuo natin ay iharap natin laban sa pinakasagadsaring reaksyunaryo.

Sino ang pinakasagadsaring reaksyunaryo? Walang iba kundi ang pangkating nasa kapangyarihan at nangunguna sa kampanya para wasakin ang rebolusyonaryong kilusan, at siyang kasalukuyang pinapaboran at

sinusuportahan ng imperyalistang US. Ang pinakasagadsaring reaksyunaryong pangkatin sa ngayon ay ang rehimeng US-Aquino.

## ***Sa aktwal, paano natin isinusulong ang rebolusyonaryong dalawahang taktika?***

Bilang mga rebolusyonaryo, maling ipaubaya na lamang sa mga naghaharing uri ang mga kaganapan tuwing eleksyon. Hindi natin dapat hayaang buong-layaw na nagpapakalat ng mga kasinungalingan ang mga kandidato ng mga panginoong maylupa't malalaking burgesya kumprador, at nagwawaldas ng pera ng bayan. Hindi natin dapat itulot na sa panahon ng eleksyon ay lalo pang itinataguyod ng mga mapang-api't mapagsamantala ang kabulukan ng naghaharing sistema.

Magpursigi tayo sa armadong pakikibaka. Suportahan natin ang Bagong Hukbong Bayan sa mga taktikal na opensibang inilulunsad nito. Ang mga tagumpay ng hukbong bayan laban sa mga armadong institusyon ng estado, laban sa mga kriminal, at laban sa mga mapandambong, ay nagpapatibay sa paninindigan ng mamamayan na nasa rebolusyonaryong kilusan ang kalutasan sa malubhang krisis at kawalang katarungan sa lipunan.

Kaalinsabay nito, itaas natin ang antas ng mga kilusang masa upang pagsilbihin ang proseso ng eleksyon para sa kapakinabangan ng mamamayan. Kahit napakaliit ng puwang ay makakakuha tayo ng mga ganansya para sa ultimong pagsusulong at pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan. Ilan sa mga tungkuling mahalagang maisakatuparan natin ay ang:



1. **Ipuwesto ang mga progresibong kandidato sa reaksyunaryong guberno.** Sa lahat ng larangan ng ligal na paglaban, sa kalsada man o sa burukrasya, iginigiit natin ang adyenda ng mamamayan, samantalang puspusing nilalabanan ang repormismo. Sa proseso ng pakikibaka, higit na nailalantad ang kawalang-katarungan ng naghaharing sistema sa pagkakait ng mga lehitimong interes at kagalingan ng mamamayan, at higit din nating nailalapit ang masa sa kawastuhan ng armadong paglaban ;
2. **Gamitin ang panahon ng kampanya upang umugnay at abutin ang malaking bilang ng mamamayan para sa pagpapalaganap ng pambansa-demokratikong linya.** Mainam ang mga kundisyon sa panahon ng eleksyon para sa kilusang propaganda. Uhaw ang ating masa na maunawaan ang ugat ng malaganap na kawalan ng kabuhayan, ng nagtataasang presyo ng mga bilihin, ng terorismo ng estado, ng presensya ng mga tropang Amerikano, ng imperyalistang globalisasyon, at iba pang usaping tumutumbok sa kanilang buhay at kabuhayan. Sa pamamagitan ng masigasig na ahitasyon at propaganda, tungo sa solidong pag-oorganisa't pagpapakilos ay nabibigyang edukasyon natin ang masa at lumalawak ang base ng rebolusyon;
3. **Mag-organisa, magpalitaw at magsanay ng mga lider-masa at aktibistang masa.** Dahil sa pampulitikang gawain ng mga rebolusyonaryong pwersa sa panahon ng eleksyon, lumilitaw ang mga abanteng seksyon sa hanay ng mamamayan. Sila ang nagiging pinakamasigasig sa pagpo-propaganda, sa pag-oorganisa, at pagpapakilos ng kapwa, at aktibo sa paggampan ng samu't saring gawain sa loob at labas ng proseso ng eleksyon. Sa kalaunan, ang mga lider-masa at aktibistang masa na ito ang mag-aambag nang makabuluhan sa pagtupad ng mga rebolusyonaryong gawain sa kanayunan at sa kalunsuran;
4. **Magpaunlad ng mga alyado mula sa mga kandidato ng iba't ibang tradisyunal na partido ng naghaharing uri.** Maaaring sa hanay ng mga reaksyunaryo ay mayroong naliliwanagan o yaong hindi sagad-sabuto ang pagiging kontra-rebolusyonaryo. Ilan sa kanila ay maaari